
# Ikaw ba o ang iyong anak ay nakahawak, nakatikim o nakalanghap ng isang bagay na maaaring nakasasama?

CALIFORNIA
POISON ACTION LINE
1-800-222-1222
Isang serbisyo ng California Poison Control System

CALIFORNIA POISON CONTROL SYSTEM



## Huwag manghula. Maging sigurado.

### Ano ang lason?

Ang lason ay kahit na anong bagay na maaari mong malanghap, mahawakan o matikman na maaaring nakasasama.

### Tawagan ang mga eksperto sa lason kung mayroon kang problema o mga katanungan.

Ang mga ina at doktor ay umaasa sa amin – kami ang sentro ng pagkontrol ng lason sa California. Tumutulong kami sa mga doktor, ospital, nars, 911 at mga taong tulad mo araw-araw. Ang California Poison Control System ay ang iyong lokal na sentro ng pagkontrol ng lason mula pa noong 1997 at ito ay isang bahagi ng School of Pharmacy ng University of California, San Francisco.

### "Magmumukhang napakatanga ko kung tatawag ako at wala naman palang masamang nangyari."

Maliban kung ikaw ay isang eksperto, hindi mo malalaman ang lahat ng tungkol sa mga bagay na maaaring makasasama sa iyo o sa iyong pamilya. Ang MAAARI mong gawin ay tumawag sa mga eksperto sa lason.

### Eksperto

Ang aming mga kawani na mga parmasyutiko, nars at sanay na eksperto ang sumasagot sa telepono.

### Pribado

Ang iyong personal na impormasyon ay hindi ibibigay sa sinuman. Tatanungin namin ang iyong pangalan at numero ng telepono upang ikaw ay matawagan uli at matiyak na ikaw ay nasa mabuting kalagayan.

### Libre

Ito ay walang bayad – kahit kailan. At maaari kang tumawag nang kahit ilang beses kung kinakailangan.

### Mabilis

Naririto kami upang kayo ay tulungan 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo 365 araw sa isang taon. Laging bukas ang linya ng aming telepono at hindi kailangang maghintay – kailanman.

## Paano kung ikaw ay hindi makakalapit sa isang telepono?

Naririto ang mga pang-unang lunas o first aid na dapat mong gawin kung ikaw ay hindi makatawag kaagad. Hindi ito pamalit sa pakikipag-usap sa isa sa aming mga eksperto. Laging tawagan kami kung makakalapit ka sa telepono sa **1-800-222-1222.**

### Lason sa balat

Padaanan ng tubig ang balat ng 10 minuto, pagkatapos hugasan ng sabon at banlawan.

### Lason sa mga mata

Padaanan ng tubig ang mata ng 15 minuto. Huwag puwersahing buksan ang talukap ng mata.

### Nalanghap na lason

Dalhin kaagad ang taong nalason kung saan may sariwang hangin. Huwag lalanghapin ang usok. Buksan ang mga bintana at pinto.

### Nalunok na lason

Huwag pasusukahin, pakakainin o paiinumin ng anuman ang taong nalason.

## Paano makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya ang 1-800-222-1222

### 1 Huwag manghula. Maging sigurado.

Maaaring may nakatikim, nakahawak, o nakalanghap ng isang bagay na maaaring makasasama sa kanya. Ito ba ay lason?

### 2 Idayal ang 1-800-222-1222.

Ang iyong tawag ay sasagutin sa unang tunog. Makakarinig ka ng 17 segundong mensahe habang ikinukunekta ka namin sa isa sa aming mga eksperto sa lason.

### 3 Sabihin ang "Tagalog".

Ikukunekta kayo sa isang tagapagsalin o interpreter upang kayo at an gaming eksperto ay makapag-usap kaagad.

### 4 Ano ang nangyari?

Sabihin sa eksperto kung ano ang nangyari sa pinakamahusay na pagpapahayag na magagawa mo. ("Ang aking dalawang-taong-gulang na anak ay kumain ng make-up na kinuha mula sa aking pitaka!")

### 5 Ito ba ay isang gamot, halaman, insekto, o panlinis?

Kung ito ay isang produkto na tulad ng panlinis o sabong panlaba o gamot, nasa iyo dapat ito kung tumawag. Kung ito ay isang halaman, ahas, o gagamba maging handa na sabihin sa amin ang anyo nito.

### 6 Ano ang nangyayari?

Nais naming malaman kung ano ang nararamdaman niya. ("Umiiyak siya kanina pero mukhang maganda na ang pakiramdam niya ngayon.")

### 7 Tutulungan ka namin.

Kadalasan naisasaayos namin ang problema sa pamamagitan ng isang tawag sa telepono. Kung sa palagay namin ay kailangan mong pumunta sa isang silid emerhensiya, tatawag kami upang ipagbigay-alam sa kanila na ikaw ay darating upang hindi ka na maghintay.

### 8 Gusto naming masigurado na ang lahat ay maayos.

Madalas tatawag kami uli sa iyo – upang masigurado na maayos ang iyong kalagayan. Ikasisiya rin namin na sagutin ang iba pang mga katanungan. Libre at kompidensiyal.

**1-800-222-1222** Bisitahin ang aming website sa **www.calpoison.org**

CALIFORNIA POISON CONTROL SYSTEM, UCSF SCHOOL OF PHARMACY, DEPARTMENT OF CLINICAL PHARMACY